

Karagdagan sa Plano ng Pangangasiwa sa Eleksyon sa 2019 (Election Administration Plan, EAP)

Ang dokumentong ito ay nagsisilbing karagdagan sa Tagatala ng mga Botante sa Orange County (Orange County Registrar of Voters, OCROV) sa Plano ng Pangangasiwa sa Eleksyon sa 2019 (Election Administration Plan, EAP) at nilalayon na bigyang-diin ang mga bahagi ng orihinal na EAP na maiaakma ayon sa kamakailang inilabas ng Kalihim ng Estado (Secretary of State, SOS) na Patnubay sa Pangangasiwa ng Eleksyon para sa pare-parehong kasanayan sa Setyembre 14, 2021, Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California (huling binago - Hulyo 16, 2021).

Pormula at mga Isinasaalang-alang sa Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(I)(vi)(I)

Tulad ng nakabalangkas sa orihinal na 2019 EAP ng OCROV, itinatatag ng Batas sa Kagustuhan ng Botante (Voter's Choice Act, VCA) ang pormula sa pagtukoy ng bilang ng mga Sentro ng Botohan batay sa bilang ng mga rehistradong botante. Sa ilalim ng pormulang ito ang mga county ay dapat magbigay ng 11-araw na Sentro ng Botohan para sa bawat 50,000 na rehistradong botante at isang 4 na araw na Sentro ng Botohan para sa bawat 10,000 na rehistradong botante. Batay sa pormula na nakabalangkas sa VCA, ang kinakailangang minimum ay batay sa kabuuang rehistradong botante sa 88 araw bago ang halalan (E-88).

Sa paghahambing, para sa Setyembre 14, 2021 na Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California, ang mga county ng VCA, tulad ng Orange County, na dating nagsagawa ng eleksyon alinsunod sa alinman sa seksyon ng Alituntunin sa mga Eleksyon 4005 o 4007, pinahihintulutan na magbigay ng isang 11-araw na Sentro ng Botohan para sa bawat 60,000 na mga rehistradong botante at isang 4 na araw na Sentro ng Botohan para sa bawat 30,000 na rehistradong botante. Ang bilang ng mga rehistradong botante na ginamit para sa pormula na ito ay nakasalalay sa bilang ng pagpaparehistro ng mga botante hanggang Pebrero 10, 2021.

Bilang paghahanda sa darating na Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021, natugunan ng OCROV ang kinakailangang ito sa pamamagitan ng pagtaguyod ng kabuuang 64 na mga Sentro ng Botohan— 31 11-araw na Sentro ng Botohan at 33 4 na araw na Sentro ng Botohan.

Pormula at mga Isasaalang-alang sa Ihuhulog na Balota

§4005(a)(10)(I)(vi)(II)

Bukod dito, tulad ng naidetalye sa orihinal na 2019 EAP ng OCROV, inatasan din ng VCA ang mga county na magbigay ng kahit isang lokasyon ng ihuhulog na balota para sa bawat 15,000 rehistradong botante. Sinusuri ang datos ng pagpaparehistro ng botante sa E-88 upang matukoy ang bilang ng mga lokasyon ng ihuhulog na balota na kinakailangan sa bawat lungsod at hindi pinagsamang mga lugar. Sa paglabas kamakailan ng Gabay sa Pangangasiwa ng Eleksyon ng Kalihim ng Estado (Secretary of State, SOS) para sa pare-parehong kasanayan sa Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021, ang kinakailangang ito ay hindi magbabago.

Para sa Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021, ang mga county ng VCA, tulad ng Orange County, ay dapat magbigay ng "kahit isang lokasyon ng ihuhulog na balota para sa bawat 15,000 na rehistradong botante sa loob ng kanilang nasasakupan." Sa pinakamababa na bilang ng mga huhulugang lokasyon batay sa kabuuang bilang ng pagpaparehistro ng botante mula noong Pebrero 10, 2021, Ulat ng Pagpaparehistro.

Ang kabuuan ng pagrerehistro ng mga botante sa Orange County ay tumaas, at ang bilang ng mga hulugang lokasyon na kinakailangan ay 120 na ngayon. Ang OCROV ay magpapatakbo ng kabuuang 120 mga lokasyon ng hulugan ng balota (kumbinasyon ng permanenteng mga kahon ng ihuhulog na balota at mga lokasyon ng hulugan na may mga tauhan tulad ng nabanggit sa ibaba) sa darating na Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021, sa gayon tinitiyak na may nailagay na hindi bababa sa isang lokasyon na hulugan ng balota para sa bawat 15,000 botante na nakarehistro sa Orange County.

Sa 120 mga lokasyon na hulugan ng balota, apat ang patatakbuhan bilang mga lokasyon ng hulugan na may mga tauhan sa natitirang 116 na binubuo ng permanenteng nakalagay na mga kahon ng ihuhulog na balota. Ang lahat ng 116 na permanenteng nakalagay na mga kahon na hulugan ng balota ay bukas sa mga botante 24 na oras bawat araw, 7 araw sa isang linggo, simula sa Lunes Agosto 16, 2021, hanggang 8:00 ng gabi sa Martes, Setyembre 14, 2021, Araw ng Halalan. Ang karagdagang apat na mga lokasyon ng hulugan na may mga tauhan ay bukas sa mga botante sa normal na oras ng negosyo sa lokasyon, simula sa Lunes, Agosto 16, 2021 hanggang sa Araw ng Halalan, tulad sa nakalista sa Gabay na Impormasyon ng County sa Botante at sa website ng OCROV.

Pangkalahatang-tanaw sa Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante

§4005(a)(10)(I)(i), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)

Nananatiling nakatuon ang OCROV sa paglinang ng mga bagong pakikipag-ugnayan sa mga samahan ng pamayanan at mga stakeholder, pati na rin sa pagpapalakas sa

ating mga umiiral na ugnayan sa mga kasosyo sa pamayanan sa ilalim ng kasalukuyang modelo ng Sentro ng Botohan.

Sa paunang paglipat sa modelo ng Sentro ng Botohan sa naunang bahagi ng 2020, nagtatag ang OCROV ng Pangkalahatang Plano sa Media na naglalayong ipakilala ang mga botante ng Orange County sa modelo ng Sentro ng Botohan. Sa pagkakataon na iyon, gumawa ang OCROV ng malawak na diskarte upang maabot ang maraming mga botante hangga't maaari, nang maraming beses. Sa pamamagitan ng paggamit ng pinagsamang mga diskarte sa social media, direktang sulat, printa, broadcast, video, online, at radyo, nasulit ng OCROV ang hanay ng mga outlet ng media at matagumpay na naabot ang malaking bilang ng mga botante (na may average na 10 impresyon bawat botante, higit na lumalagpas sa mga kinakailangan sa batas). Sa pagdami ng bilang ng mga botante na pamilyar na ngayon sa modelo ng Sentro ng Botohan, at sa mga putol na timeline, ang mga pagsisikap na pag-abot para sa paparating na Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California ay nangailangan ng mas nakatuon na diskarte.

Bilang paghahanda sa Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021, pinalawak ng OCROV ang paggamit ng mga platform nito sa social media, katulad ng Facebook, Twitter at Instagram; upang matulungan ang mga botante na maging impormado sa kanilang mga pagpipilian sa pagboto, panahon ng pagboto at mga lokasyon. Ang kampanyang ito sa social media ay malapitang kokopyahin ang mga kinalabasan ng aming mga plano noong Nobyembre 2020, na umaabot sa karamihan sa mga botante ng Orange County sa pamamagitan ng pag-micro-target sa ISP data. Ang pag-advertisement sa radio at printa ay magagamit din sa maraming mga wika. Bukod dito, lumikha ang OCROV ng direktang postcard sa koreo, na ipapadala sa koreo sa lahat ng 1.8 milyong botante sa Orange County. Magbibigay ang postcard ng impormasyon sa mga botante tungkol sa kanilang opisyal na balota sa koreo, at ang pinakamalapit na Sentro ng Botohan at lokasyon na hulugan ng balota sa kanila. Ang postcard ay isinalin at handang magamit ng mga botante sa wikang Tsino, Koreano, Espanyol at Vietnamese. Bukod dito, makakatanggap din ang mga botante ng Orange County ng mensahe sa email na naglalayong gawing impormado ang mga botante sa kanilang mga pagpipilian sa pagboto sa darating na Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021.

Bukod dito, magho-host din ang OCROV ng maraming virtual na Pamublikong Workshop, na nakatuon sa pagpapanatili sa mga botante na impormado sa kanilang mga pagpipilian sa pagboto at kung paano hanapin ang pinakamalapit sa kanila na Sentro ng Botohan at mga lokasyon ng hulugan ng balota. Sa huling bahagi ng Agosto, magho-host ang OCROV ng Pamublikong Pagdinig ng EAP, kung saan ay aanyayahan ang publiko na ibigay ang kanilang puna at opinyon para sa pag-update sa EAP.

Kahit ibinigay ng 2019 EAP ang pundasyon at gumagabay na balangkas upang maipatupad ang modelo ng Sentro ng Botohan na pagboto sa Orange County sa 2020, karagdagan ito sa orihinal na plano, nakatuon sa pagbibigay-diin sa mga bahaging iyon ng orihinal na EAP na kinailangang sundin upang mapaunlakan ang kamakailang paglabas sa Gabay sa Pangangasiwa ng Eleksyon ng Kalihim ng Estado (Secretary of State, SOS) para sa pare-parehong kasanayan sa Pagbawi ng Eleksyon na Pang-gobernador sa California sa Setyembre 14, 2021 (huling binago - Hulyo 16, 2021).